# SULO KAN PAKIKIBAKA

## Romulo Jallores Command: Kalahating Taong Ulat

Ipinagdiriwang ng Romulo Jallores Command-BHB Bikol at ng mamamayang Bikolnon ang serye ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan nitong nakaraang unang linggo ng Disyembre. Mula Camarines Norte, sa pusod ng Albay hanggang sa isla ng Masbate, muling yinanig ng pwersa ng pulang hukbo ang panig ng pasista at teroristang AFP-PNP-CAFGU.

Sa matagumpay na aksyong militar ng Armando Catapia Command-BHB Camarines Norte nitong Disyembre 2 laban sa PNP-Camarines Norte Provincial Mobile Force Company (PNP-CNPMFC) sa Brgy. Daguit, Labo, nakasamsam ang mga kasama ng apat na riple, isang maigsing baril, daan-daang bala at iba pang gamit militar. Sa hanay ng kaaway, napaslang si PO2 Richard M. Abad samantala sugatan sina PO2 Ronald Gutierrez, PO2 Ericson V. De Vera, PO1 Jeffrey Tarrobago, PO1 Peter Valeros, PO1 Romar Umandap, PO1 Johnson Espania, PO1 Mark Anthony Aguilar at PO2 Rommel Orante. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ang mga kontra-mamamayang aktibidad ng CNPMFC. Ilan sa mga kasong idinulog ng masa sa rebolusyonaryong kilusan ang pangingikil at pagpapasara sa mga kabudan sa mga bayan ng Paracale at Jose Panganiban at ang aktibong pamumuno ng CNPMFC sa pagpaslang sa mga hinihinalang gumagamit ng droga nang walang pagkilala sa karampatang proseso (due process) sa ilalim ng Oplan Tokhang.

Sa parehas na araw, sinalubong naman ng Jose Rapsing Command-BHB Masbate ng opensiba ang pwersa ng 2nd IBPA na kababalik lang sa rehiyon matapos maging bahagi ng mapanupil at mapangwasak na Batas Militar sa Mindanao. Limang elemento ng Charlie Coy ng 2nd IBPA ang sugatan sa isinagawang aksyong militar sa Brgy. Togoron, Monreal sa isla ng Ticao. Ang naturang batalyon ang salarin sa likod ng sunud-sunod na masaker at paglabag sa karapatang tao sa Masbate nitong taon na kumitil sa buhay ng isang matanda, tatlong kabataan at limang iba pa at nagdulot ng pagkawasak sa kabuhayan ng libu-libong pamilya sa prubinsya.




Samantala, dalawang araw lang ang lumipas nang ilunsad ng Santos Binamera Command-BHB Albay ang matagumpay na aksyong militar laban sa isang aktibong asset ng kaaway sa Brgy. Poblacion, Pio Duran. Kasabay nito, isinagawa ng JRC-BHB Masbate ang isang operasyong haras laban sa 2nd maneuvering platoon ng 506th Provincial Public Safety Company sa Brgy. San Juan, Mandaon.

Ang pinakabagong serye ng aksyong militar sa rehiyon ay hudyat ng higit pang pagsambulat ng umaalimpuyong galit at pagtatakwil ng masang Bikolnon sa sukdulang pambubusabos at militar na paghahari-harian ng sabwatang Duterte-US-AFP. Dagdag ang naturang mga tagumpay sa kabuuhang 15 anihilatibo at 55 atritibong aksyon na ilinunsad ng pulang hukbo sa buong Kabikulan mula Hulyo hanggang Disyembre. Umabot sa 12 riple, 12 maiigsing baril, libu-libong bala at iba pang gamit militar ang nasamsam ng mga kasama mula sa mga matatagumpay na aksyong militar. Hindi maitanggi ng AFP-PNP-CAFGU ang pagkagimbal ng kanilang hanay sa kaliwa't kanang taktikal na opensibang ilinunsad ng BHB kung saan nakapagtala ng 37 nasawi at 38 sugatan sa kanilang hanay.

Sa paglabas ng Presidential Proclamation 360 na pormal na tumatapos sa usapang pangkapayapaan at kaakibat nitong Presidential Proclamation 374 na nagtatatak sa CPP-NPA-NDFP at mga organisasyong pinaghihinalaang may kaugnayan dito bilang mga terorista, umaalingasaw ang karuwagan at kainutilan ng estado sa pagharap sa mga pundamental na suliraning panlipunan. Sa halip na mga hakbang upang maresolba ang kahirapan at kagutuman sa bansa, pinagtutuunan ng pansin nina Duterte ang hibang na gera kontra-mamamayang dinisenyo ng imperyalistang US upang pahupain ang lumalagablab na digmang bayan. Sa tindi ng pangangatog ng tuhod ng mga reaksyunaryo sa harap ng pagbabalikwas ng masang Pilipino, nagkasya na si Duterte at ang kanyang mga kroni sa desperadong hakbang na taguriang terorista hindi lamang ang mga rebolusyonaryong organisasyon kundi maging ang mga lehitimong progresibong samahan ng masa. Hindi nakapagtataka kung dahil sa labis na pagkasindak ng naghaharing uri sa lakas ng sambayanan ay makakita ito ng banta ng pagbagsak at pagguho ng kanilang monopolyo ng kapangyarihan sa bawat pagkilos ng mamamayan.

Kombatant, sibilyan, bata o matanda – wala nang pagtatangi ang teroristang estado sa pagpuntirya ng ituturing nitong 'kalaban ng estado'. Lantaran nitong iwinawasiwas ang walang katuturang karahasan at pasismo nang walang pagsasaalang-alang sa buhay ninuman.

Subalit sa gitna nito, ibayong pinaiigting ng mga pulang mandirigma at kumander ng



Bagong Hukbong Bayan ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at hakbang pamamarusa laban sa mga ahente ng karahasan ng estado.  Bahagi ito ng rehiyon sa pambansang pagsisikap na ipagtanggol ang buhay, karapatan at kalayaan ng sambayanan batay sa panawagan ng pambansang pamunuan ng Partido at Hukbo. Tugon din ito sa hungkag na deklarasyon ng 9th IDPA na "conflict manageable" na ang kalakhan ng mga prubinsya ng Bikol.


Kinatatangian ng pagiging mabilis, mapanlikha at tiyak ang bawat taktikal na opensiba ng mga kasama. Batid ang prinsipyo ng konsentrasyon at superyoridad ng pwersa at ang kahalagahan ng suporta ng masa, patuloy ang pagdami ng mga anihilatibong bigwas na isinasagawa sa iba't ibang prubinsya sa buong rehiyon. Kapansin-pansin ang pagtaas ng kakayahan ng pulang hukbong maglunsad ng mga koordinado at sinkronisadong kampanyang militar sa iba't ibang bahagi ng rehiyon. Ang kalakhan ng mga taktikal na opensibang ilinunsad ay naganap sa loob lamang ng isang araw o kaya naman ay mayroon lamang maliit na panahong pagitan. Matingkad din ang mataas na bahagdan ng mga TO na ginamitan ng mga command detonated explosives (CDX). Kaiba sa mga armas ng reaksyunaryong pwersa na walang pakundangan at walang pag-iiba sa lehitimong target at hindi, ang mga CDX ng BHB ay may tiyak na target at nakatakda lamang na sumabog kapag kinalabit na ang kontrol nito.

Susing salik sa mga matatagumpay na opensiba ng pulang hukbo ang walang maliw na suporta ng baseng masa. Malaki ang kanilang papel sa paghahanda ng mga rekisitos ng isang aksyong militar – mula sa gawaing paniktik, pagtaguyod sa paghakot ng lohistika at ligtas na pagmaniobra sa mga kasama. Sa katunayan, sa harap ng lantarang kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte, lalong humigpit ang pagtutulungan ng masa at ng BHB – ang tunay na hukbong nagsisilbi sa kanilang interes. Alam ng masang Bikolnon na wala silang aasahang hustisya mula sa reaksyunaryong hukbo kung mismong ang institusyon ng kasundaluhan at kapulisan ang nangunguna sa pagtarget sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan. Mulat silang ang katarungan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng digmang bayang isinusulong ng CPP-NPA-NDFP.

*"Sa katunayan, sa harap ng lantarang kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte, lalong humigpit ang pagtutulungan ng masa at ng BHB – ang tunay na hukbong nagsisilbi sa kanilang interes."*

**Armando Catapia Command BHB-Camarines Norte**

Sa prubinsya ng Camarines Norte, siyam na taktikal na opensiba ang ilinunsad laban sa mersenaryong pwersa ng AFP-PNP-CAFGU. Isa sa mga pinakamatingkad ay ang magkakambal na reyd at ambus na isinagawa ng mga kasama laban sa 902nd IBgd. At 9th IBPA sa bayan ng Labo noong Hulyo 21. Matagumpay na nireyd ng pulang hukbo ang patrol base ng 902nd IBgd. sa Brgy. Dumagmang, Labo. Sa labanang tumagal ng tatlong oras at 40 minuto, isa ang napatay at apat ang sugatan sa hanay ng AFP, habang walang kaswalti sa panig ng BHB. Isang K3 machine gun ang nasamsam ng mga kasama. Samantala, inambus din ng mga kasama ang dalawang trak na may lulang hindi bababa sa 15 sundalo. Isinagawa ang ambus-demolisyon sa distansyang 400 m. mula sa detatsment ng 9th IBPA sa Brgy. Mahawan-hawan, Labo. Sa palitan ng putok, nasawi si Cpl. Rey Lota at apat na sundalo ang nasugatan. Wala ring kaswalti sa panig ng BHB.



**Eduardo Olbarra Command – BHB Camarines Sur**

Labing-dalawang matatagumpay na aksyong militar naman ang isinagawa ng apat na kumand ng pulang hukbo sa buong prubinsya ng Camarines Sur: Norben Gruta Command, James Balacquiao Command, Tomas Pilapil Command at Edmundo Jacob Command. Dahil mulat ang pulang hukbo na ang ganap na kabuluhan at superyoridad ng digmang bayan ay ang pagsusulong ng pulitika ng mamamayan, nagsasagawa rin ang mga kasama ng mga aksyong pamamarusa laban sa mga elementong banta sa buhay at seguridad ng taumbayan.

Isa sa mga pinakamataginting na aksyong pamamarusa ang opensibang ilinunsad ng BHB laban sa sindikatong grupong Concepcion. Dinisarmahan ng isang yunit ng pulang hukbo si Jun Paranial. Samantala sa kasabay na insidente, pinara ng mga kasama ang isang motor lulan ang isang alyas 'Balweg' - isa pang kasapi ng naturang bandidong grupo. Nagtangka si Balweg na i-hostage ang drayber ng motor ngunit nakapiglas ito. Muling tinangka ni Balweg na lumaban sa pamamagitan ng pagpapaputok ng kanyang shotgun at paghahagis ng isang granada sa mga kasama. Kagyat naman siyang napigilan ng dumedepensang mga kasama na ikinaresulta ng kanyang pagkamatay. Nakumpiska sa pangyayari ang isang cal. 45 pistol, iba pang mga armas ng bandidong grupo at mga magasin. Sina Paranial at Balweg ay mga aktibong kasapi ng bandidong grupong Concepcion Group na nananakot at nangingikil sa mga negosyante at kontraktor sa Camarines Sur at iba pang bahagi ng rehiyon.

Makailang ulit nang ilinapit ng masa sa BHB ang kanilang mga reklamo laban sa mga anti-sosyal na gawain ng grupo tulad ng pananakot, pangingikil, pagnanakaw, pagtutulak ng iligal na droga at pagpatay. Ayon pa sa imbestigasyon ng mga yunit ng BHB na nakasasaklaw sa mga lugar na pinamumugaran ng Concepcion Group, napatunayang pinuprotektahan ng mga upisyales ng 83rd IBPA ang mga lider ng naturang grupo.

Iniulat din ng mga yunit ng NPA ang pagdami ng mga kaso ng holdap, pangingikil at pagnanakaw ng mga pag-aari ng mga residente sa paligid mismo ng mga detatsment ng Philippine Army at CAFGU.

**Nerissa San Juan Command – BHB Catanduanes**

Sa isla ng Catanduanes, tumampok ang ambus na isinagawa ng mga kasama laban sa mga elemento ng PNP Catanduanes noong Agosto 10. Kagyat na nasawi sina PO2 Eva Torcelino at PO3 Joseph Tupue samantala sugatan sina Chief of Police Ernesto Montes, PO3 Marwin de Vera at limang iba pa. Nasamsam ng pulang hukbo ang dalawang M16, isang maigsing baril at iba pang gamit militar.

Upang maikubli ni Duterte ang kabiguan ng kanyang kampanyang kontra-droga, kinakasangkapan ng hibang na rehimen ang pwersa ng kapulisan upang paslangin ang mga sibilyang pinararatangang may kaugnayan sa paggamit o pagbebenta ng droga nang hindi dumaraan sa tamang proseso. Dahil sa walang sagkang pamamaslang ng kapulisan sa

ilalim ng Oplan Tokhang at iba pang kontra-mamamayang aktibidad nila, lehitimong target ng mga opensiba ng BHB ang lahat ng aktibong kasapi ng PNP na direktang lumalahok at nag-tataguyod ng nag-uulol na terorismo ng estado.

**Santos Binamera Command – BHB Albay**

Bilang bahagi ng tungkulin ng BHB na magsilbing tunay na tagapagtanggol ng masa, siyam na aksyong pamamarusa ang ipinatupad ng SBC-BHB Albay sa loob ng kalahating taon laban sa mga asset ng AFP-PNP-CAFGU at mga kontra-mamamayang elemento sa prubinsya.

**Celso Minguez Command – BHB Sorsogon**

Sa loob ng anim na buwan, 23 taktikal na opensiba ang ilinunsad ng CMC-BHB Sorsogon. Pinatunayan ng mga opensibang ito na hindi dapat makasagka ang masinsing mga operasyong militar sa inisyatiba ng mga kasamang magsagawa ng mga makatarungang aksyong militar. Sa halip na panghinaan ng loob, itinuring ng pulang hukbo na pagkakata-ong makaatake ang bawat sakyada at pang-gagalugad ng AFP-PNP-CAFGU sa mga sonang gerilya. Isa sa mga ito ang matagumpay na ambus ng mga kasama laban sa isang platun ng magkakumbinang tropa ng 31st IBPA at 5th Regional Public Safety Batallion (5th RPSB-PNP) sa Brgy. Marinas, Gubat, Sorsogon nitong Agosto 7.



Tatlong M4 carbine rifle ang nasamsam ng BHB, kasabay ang tatlong pirasong amoputs, mga bala, at iba pang gamit militar. Nagtamo ng malaking kaswalti ang tropang kaaway. Apat ang patay at pito ang sugatan sa kanilang hanay samantalang walang kaswalti sa BHB. Patay sa nasabing ambus ang dalawang upisyal ng 31st IBPA na sina Sgt. Rolyn Cabagon at 2Lt. Lee Ormega Tremedal, ang mismong platun lider nila. Patay din si Pfc. Jaypee Nebiar at isa pa. Samantala, lima sa mga sugatan ay sina Michael Llonar, Jeremy Tu, Roland Sayson, Eduard Lumatog at Mark Oscillada na pawang myembro ng 31st IB Phil. Army.

Kampanteng naglalakad ang 30-kataong tropang kaaway nang tambangan ng mga kasama. Umabot ng 45 minuto ang labanan. Inspirasyon ng mga kasama sa matagumpay na taktikal na opensibang ito ang dakilang buhay ng dalawang rebolusyonaryong martir, kasabay si Ka Magno, na naging bahagi ng matiyagang pagpaplano at pag-aaral ng sitwasyon para maikasa ang nasabing ambus. Pinatunayan ng matagumpay na taktikal na opensibang ito ang katapangan at katatagan ng mga kasama sa BHB. Matalinong pinag-aralan ang kilos ng kaaway at kagyat na sinamantala ang bul-nerabilidad nila.

**Jose Rapsing Command – BHB Masbate**

Sa Masbate, nagimbal ang kaaway nang sa kabila ng sunud-sunod na pamamaslang at pag-atakeng ginawa nila laban sa mamamayan ay higit na umigting ang pagsiklab ng mga taktikal na opensiba ng mga kasama. Umabot sa 21 aksyong militar ang matagumpay na ilinunsad ng JRC-BHB Masbate. Matingkad sa mga ito ang opensiba ng pulang hukbo laban sa mapanalasang Provincial Operations For Socio Economic Development Against Crime (POSDAC) nitong Oktubre 30.

Nagresulta ang naturang hakbang pamamarusa sa pagkapaslang nina Arnolfo 'Jun-Jun' Pigon Jr., 3rd District Commander ng POSDAC at Arnolfo Nulping Pigon Sr., kasapi ng POSDAC. Samantala, sugatan sina Gener Medillo Pillejera, Chandie Trangia Gemena at Gerald Cantre Ybanez, pawang mga aktibong kasapi ng naturang grupo.

Matagal nang idinaraing ng masang Masbateno ang POSDAC dahil sa mga kontra-mamamayang aktibidad nito. Ilan sa mga kaso ng POSDAC na ilinapit ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan ay ang malawakang pangingikil at pananakot sa masa, iligal na pangungumpiska at/o panununog ng mga kagamitan sa produksyon tulad ng bangka, kalabaw at iba pa.

> *"Sukdulang karahasan man ang ibandera ng estado, hindi masisindak ang mamamayang matakot at manahimik na lamang."*

Kasabay ng pagpapalagablab ng mga kampanyang militar, armado ang BHB ng paninindigang mapagpasya ang tao sa digma. Malinaw sa lahat ng pulang madirigmang nakasalalay sa partisipasyon ng mamamayan ang tagumpay nito kung kaya naman pinag-ibayo ng mga pormasyon ng hukbo ang gawaing edukasyon, propaganda at kultura sa hanay ng masang Bikolano.

Bagamat mayroon pa ring mga puntong kinakailangang paunlarin, hindi maikakaila ang mabilis na paglakas ng Bagong Hukbong Bayan sa buong rehiyon. Buong kapasyahang binibigo ng BHB ang mapanibasib na tripleng gera ng rehimeng US-Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Nagtambalan ang mga taktikal na opensiba ng BHB at ang mga makatarungang pagkilos ng mamamayang Bikolano laban sa berdugong AFP-PNP-CAFGU. Bigo ang kaaway sa mga l abanang militar at maging sa labanan sa pulitika. Sa kabila ng pagpapakalat nila ng gawa-gawang datos at mga pekeng balita upang siraan ang prestihiyo ng rebolusyonaryong kilusan, nanatiling katuwang ng CPP-NPA-NDF Bikol ang mamamayang Bikolnon sa pagsusulong ng digmang bayan. Mahusay ding hinarap ng mga yunit ng hukbo ang mga operasyon ng PDT at iba pang Civil Military Operations (CMO) ng kaaway.

Sukdulang karahasan man ang ibandera ng estado, hindi masisindak ang mamamayang matakot at manahimik na lamang.

Sa pagsinsin ng panggegera ng rehimeng Duterte-US sa taumbayan, maaasahan ang ibayong pagsunggab ng rebolusyonaryong kilusan at ng masang Pilipino sa pagkakataong ihanda at konsolidahin ang pinakamalawak at pinakamatatag na prenteng lalaban sa pang-aatake ng reaksyunaryo. Sa kalunsuran, patuloy na babaha sa mga kalsada, pabrika, eskwelahan, simbahan at mga sentrong kabyanan ang iba't ibang porma ng kilos protestang bumabatikos at nagtatakwil sa tiraniya ni Duterte. Sa kanayunan, iigting ang magkakatambal na mga kampanyang militar, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa papalawak na erya ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagtindi ng kontradiksyon sa pagitan ng mga naghaharing-uri at masang pinagsasamantalahan at sa paglaki ng mga bitak sa hanay mismo ng mga nasa kapangyarihan, mabilis na nagiging imposible para sa naghaharing-uri na makapanaig sa dating paraan. Mabilis na kumakalat sa buong kapuluan ang diwang mapanlaban at nakokonsolida ang kapasyahan ng mamamayang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang tagumpay. Mulat ang rebolusyonaryong pwersa na ang patuloy na pagtangkilik ng masa sa pambansa-demokratikong paninindigan sa harap ng kabulukan ng estado ang pinakamahalagang sandatang tiyak na makapagpapanalo ng makatwirang digma ng sambayanan.